GABAY SA GRUPONG TALAKAYAN: HINGGIL SA PAGTAAS NG PRESYO NG LANGIS

Ang walang patid na pagsirit ng presyo ng langis ay isa sa pinakamalalaking suliraning araw-araw na pinapasan ng mamamayang Pilipino. Mula nang maluklok si Duterte sa pagkapangulo noong 2016, tumaas ang abereyds na presyo ng gasolina ng P19.35 kada litro habang P20.35 kada litro naman ang abereyds na itinaas para sa diesel. Noong huling kwarto ng 2018, pumalo ang presyo ng gasolina sa P61.50 at diesel P50.4 - pinakamataas na presyo nito sa loob ng isang dekada. Sa unang kwarto ng taon, mahigit siyam na beses nang tumaas ang presyo ng langis. Sa pagpasok ng buwan ng Marso, umabot na sa P43.44 ang presyo ng kada litro ng diesel, P52.69 kada litro ang gasolina at P51.09 kada litro ang kerosene.

Upang malabanan at maresolba ang tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng langis, kinakailangang maunawaaan na ang mga salik na nakaaapekto sa presyo ng langis ay tumutukoy sa mga usaping pandaigdig at pambansa. Ang paglaban ng mamamayan sa pagtaas ng presyo ng langis ay bahagi ng pakikibaka ng masa laban sa pagsasamantala ng imperyalistang US at kasabwat nitong reaksyunaryong estado.

Pandaigdigang Kalakaran sa Industriya ng Langis

Napakaestratehiko ng industriya ng langis dahil ito ang kasalukuyang pangunahing pinagmumulan ng enerhiyang ginagamit sa malawakang produksyon sa buong daigdig. Ang enerhiya mula sa langis ang buhay ng mga planta ng elektrisidad na nagpapatakbo ng mga pabrika, pasilidad at mga kagamitang nagbibigay serbisyo sa lipunan, at maging sa paggawa ng armas pandigma. Ang petrolyo at iba pang produktong langis ay mayor na gamit sa pagpapaandar ng mga makinarya at mga sasakyang mahalaga sa produksyon, distribusyon at mobilidad ng tao. Mabilis na sinakmal ang monopolyo sa langis ng imperyalistang US at kagyat kinontrol sa pamamagitan ng sistemang kartel.

Ang dominasyon ng imperyalistang US sa pandaigdigang industriya at presyo ng langis ay isang sandigan ng kanyang hegomonistang paghahari at kontrol sa maraming bansa, at maging sa kapwa niya imperyalistang kapangyarihan. Pinalalakas nito ang monopolyong kontrol ng mga dambuhalang korporasyon sa industriya at sinisikap mapanatili ang dominasyon sa mga bansang nais protektahan ang kanilang produksyon ng langis.

Una, direktang nasa kontrol ng imperyalistang US ang mga transnasyunal na korporasyong (TNCs) may hawak sa pandaigdigang pagmimina, pag-iimbak, pagrerepina at distribusyon ng suplay ng langis sa buong daigdig. Sa sistemang kartel, sinaklaw ng ilang dambuhalang korporasyon ang buong industrya ng langis mula produksyon, distribusyon hanggang pagbebenta ng lahat ng produktong langis sa mga lokal na pamilihan. Sa pagkontrol sa lahat ng operasyon ng industrya, naitatakda nila ang mataas na halaga ng langis at mga produkto nito at tinatalo ang lahat ng kakumpetensyang kumpanya.

Mula nang magsimulang umunlad ang industriya ng langis noong huling bahagi ng ika-19 siglo, kontrolado na ito ng iilang mga dambuhalang Europeo at Amerikanong korporasyon. Noong ika-20 siglo, nahawakan na ng pitong kumpanya sa langis ang mayorya ng kontrol sa suplay, distribusyon at presyo ng langis. Ang tinaguriang Seven Oil Sisters ay ang Exxon, Mobil, Chevron, Gulf, Texaco, Royal Dutch Shell at British Petroleum. Kontrolado ng pito ang 90% ng produksyon at pagbebenta ng langis sa labas ng US at hawak ang lahat ng langis na ilinuluwas ng Iran, Iraq, Saudia Arabia, Kuwait at Venezuela. Dominado rin nila ang eksplorasyon at produksyon ng langis sa iba pang bansang mayroong malaking reserba nito tulad ng Indonesia, Qatar at Libya.

Sa pagpasok ng ika-21 siglo, pinabilis pa ng malalaking korporasyong hawak ng imperyalistang US ang pagpawi ng kumpetisyon at pagdaragdag ng mga garantiya upang makahuthot ng labis na tubo sa

pamamagitan ng mga *merger* o pagsasanib. Mula sa Seven Sisters ay nabuo ang limang pinakadambuhalang mga monopolyong kumpanya na gumagana bilang isang malaking kartel sa langis.[1]

Noong 2003, nagpoprodyus ang mga nangungunang monopolyong kumpanya ng lampas 80 milyong bariles ng langis kada araw. Ito ay humigit kumulang 97% ng kabuuhang pangangailangan ng langis ng buong daigdig. Bunga nito, nakapagkakamal ang naturang limang korporasyon ng lampas US$788 bilyong kita, US$34 bilyong tubo at US$619 bilyon assets.

Talahanayan I. Mga Nangungunang Monopolyong Kumpanya ng Langis sa Daigdig

MGA NANGUNGUNANG MONOPOLYONG KUMPANYA NG LANGIS SA DAIGDIG	
Kumpanya	*Nasyunalidad*
Exxon-Mobil	Amerikano
Royal Dutch Shell	British-Dutch
British Petroleum-Amoco	British-Amerikano
Total Fina-Elf Aquitaine	Pranses
Chevron-Texaco	Amerikano

Datos mula sa The Role of Corporate Oil and Energy Debt in Creating the Neoliberal Era at A Primer on Supply and Demand of Oil

Pangalawa, ginagamit ng US ang impluwensya nito sa pagpapataw ng mga neoliberal na patakaran at pambabraso sa mga bansang kontrolado nito na pumasok sa mga di-pantay na kasunduan. Dahil kontrolado rin ng US ang mga internasyunal na institusyon at organisasyong tulad ng International Monetary Fund (IMF), World Bank at World Trade Organization (WTO), madulas nitong idinidikta ang balangkas ng pang-ekonomyang sistema sa daigdig. **Nagawa ng US na ipalit ang dolyar sa halaga ng ginto bilang angklahan ng halaga ng langis.** Sa matagal na panahon, nakaangkla ang halaga ng langis sa dolyar, ang perang ginagamit ng US. Nakamit ito sa pamamagitan ng pagpataw ng *petrodollar* sa pandaigdigang kalakalan. Ibig sabihin, mabibili lamang ang langis gamit ang dolyar. Dahil hindi bumababa ang pangangailangan sa langis, hindi rin bumababa ang halaga ng dolyar at naging mahalaga sa **bawat bansa ang makapagtipon ng dolyar**.

Pangatlo, ibinubuhos ng imperyalistang US ang kanyang pwersang militar sa paglulunsad ng digmang agresyon at *border wars* laban sa mga bansang mayroong pinakamalalaking deposito at reserba ng langis sa Asya, Africa, Latin America at Gitnang Silangan gayundin ang mga bansang mayor na ruta ng suplay ng langis sa Mediterranean para sa lubos na pakinabang at pangmatagalang dominasyon sa industriya ng langis. Itinutulak ng US ang mga gerang mapanalakay at pinupondohan ang mga armadong sigalot sa mga bansang mayroong estratehikong papel sa produksyon, distribusyon at ruta ng suplay ng langis.

Pinalalakas ng US ang mga alyansang bilateral at multilateral gaya ng North-Atlantic Treaty Organization (NATO) at Organization for Security and Cooperation in Europe (OSCE) upang isangkot ang higit pang maraming bansa sa kanyang mga hakbang ng interbensyon at agresyon. Maging ang Security Council ng United Nations (UN) ay ginagamit ng US upang bigyang matwid ang kanyang mga digmang mapanalakay. Sinasamantala ng imperyalistang US ang kanyang pangunguna sa produksyon ng mga makabagong kagamitan at sandatang pandigma sa paglulunsad at pagtutulak ng mga digma.

Infographics I. Mga Bansang mayroong Deposito ng Langis at Mga Gerang Mapanalakay ng US

Ibinunga ng panggegera ng US at pagsunggab ng kartel sa langis sa kaguluhang bunga ng mga gerang ito ang magkakasunod na oil price shocks[2] na nagdulot ng pabagu-bagong presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan at nagpabagsak sa lokal na ekonomya ng mga bansang pangunahing nakasalig sa industriya ng

langis. Sinamantala ng imperyalistang US ang mga krisis na ito upang mapanaig ang kanyang kontrol sa industriya ng langis.

MGA KRISIS SA LANGIS		
1973	Gerang Egypt-Israel	Ipinataw ng mga estadong Arabo sa US ang embargo sa langis matapos makialam ang huli pabor sa Israel sa Yom Kippur War sa pagitan ng Egypt at Israel. Bunga nito, tumaas ang presyo ng kada bariles ng langis hanggang sa $12.35. Pinaboran ng kartel sa langis na kontrolado ng US ang naturang pagtaas ng presyo dahil idinulot nito ang pagbagsak ng ekonomya ng mga umuusbong na kakumpitensya ng US - ang Japan at Germany.
1979	Rebolusyong Iranian laban sa Rehimeng US-Pahlavi	Sinamantala ng mga dambuhalang korporasyon sa langis ang rebolusyong Iranian upang palabasing mayroong kakulangan ng suplay sa langis. Umakyat ang presyo ng langis tungong $30 kada bariles. Nagkumahog ang mga nangungunang kapitalistang bansa, kabilang ang US, na magpatupad ng mga *conservation measures* upang matiyak ang kanilang suplay ng langis.
1986	Gerang Iraq-Iran	Ang US ang nagsuplay sa gubyernong Iraqi ng mga sandata at nagtulak ditong gerahin ang Iran. Ginamit ng US ang Iraq upang parusahan ang Iran sa pagnanasyunalisa ng kanilang industriya ng langis. Muling nangamba ang buong daigdig sa implikasyon ng gera sa suplay ng langis. Sinamantala ito ng imperyalistang US upang lumikha ng labis na produksyon ng langis. Bunga nito, bumagsak ang presyo ng langis hanggang $8.63 kada bariles at bumagsak ang ekonomya ng mga bansang nakasalig sa industriya ng langis tulad ng Nigeria.
1998	Gerang Iraq-Kuwait	Matapos sulsulan ng US ang Iraq na gerahin ang Kuwait, pataksil itong nagbuo ng isang koalisyon sa ngalan ng UN Security Council upang ilunsad ang isang gerang agresyon laban sa Iraq sa layunin umanong ipagtanggol ang Kuwait. Bunga nito, muling sumirit ang presyo ng langis mula $30 kada bariles tungong $40 kada bariles. Sinikap itong pangibabawan ng mga kasaping bansa ng OPEC sa pamamagitan ng pagpapataas ng produksyon ng langis subalit sinabotahe ito ng labis na produksyon ng mga korporasyong hawak ng US. Bunga nito, ibayo namang nalugmok ang presyo ng langis hanggang $7.9 kada bariles noong Disyembre 1998.

Talahanayan 2. Panggegera ng US at ang Krisis sa Langis

Datos mula sa Seeking Stability in an Oily World: The Gulf War and American Imperialism at OPEC and its Role in Regulating Price of Petroleum

Paghina ng dominasyon ng US sa industriya ng langis

Malaking banta sa monopolyo ng imperyalistang US sa industriya ng langis ang pagnanais ng mga bansang may langis na makalaya mula sa kontrol ng US. Noong 1949, sinimulan ng Venezuela ang pagtataas ng buwis sa langis upang maprotektahan ang ekonomya nito mula sa panghihimasok ng Seven Sisters. Mabilis itong kumalat sa ibang bahagi ng daigdig at sa pagpasok ng dekada ’50 ay dumami ang mga bansang nagnasyunalisa ng kanilang mga industriya sa langis tulad ng Iran at Venezuela.

Matapos malugi ang mga bansang nagluluwas ng langis nang higit $93 bilyon noong 1960 dahil sa manipulasyon ng Seven Sisters, sinikap ng Arab Union at iba pang mga bansang bumuo ng isang permanenteng organisasyon para sa mga bansang nagpoprodyus ng langis na titiyak sa mga lokal na industriya sa langis at puprotekta mula sa panghihimasok at kontrol ng imperyalistang US sa kani-kanilang

mga ekonomya. Ibinunga ng mga pagsisikap na ito ang pagkabuo ng Organization of Petroleum Exporting Countries (OPEC).[3]

Talahanayan 3. Mga Kasaping Organisasyon ng OPEC

MGA KASAPING ORGANISASYON NG OPEC		
BANSA	**REHIYON**	**TAON NG PAGSAPI**
Iran *(Kasaping Tagapagtatag)*	Gitnang Silangang Asya	1960
Iraq *(Kasaping Tagapagtatag)*	Gitnang Silangang Asya	1960
Kuwait *(Kasaping Tagapagtatag)*	Gitnang Silangang Asya	1960
Saudi Arabia *(Kasaping Tagapagtatag)*	Gitnang Silangang Asya	1960
Venezuela *(Kasaping Tagapagtatag)*	Timog Amerika	1960
Algeria	Africa	1969
Angola	Africa	2007
Indonesia	Timog Silangang Asya	1962
Libya	Africa	1962
Nigeria	Africa	1971
Qatar	Gitnang Silangang Asya	1961
United Arab Emirates	Gitnang Silangang Asya	1967
Gabon	Africa	1975
Aabot sa 38% ng kabuuhang produksyon sa langis ang hawak ng mga kasapi ng OPEC noong 1960. Noong 2007, umabot sa 41% ng produksyon ng langis sa daigdig ang nagmumula nila. Tinatayang sa 2030, aabot sa 51% ng produksyon ang mahahawakan ng naturang mga bansa.		

Datos mula sa OPEC and Its Role in Regulating Price of Petroleum at A Primer on Supply and Demand of Oil

Ipinapatupad ng mga kasapi ng OPEC ang kontrol sa suplay ng langis sa pamamagitan ng pagsasabansa ng industriya nito. Naging hakbangin ng OPEC ang pagtatakda ng mga batas at kasunduang pumuprotekta sa lokal na produksyon at reserba ng langis sa kani-kanilang bansa upang pangibabawan ang manipulasyon ng US sa pandaigdigang presyo ng langis at ang mabilis na pagwaldas ng US sa limitadong reserba ng langis.

Gayundin, ang imperyalistang kontrol sa industriya ng langis ay hindi ligtas sa tunggalian ng mga kapitalistang bansa at higit pang paglalim ng krisis ng imperyalismo. Sa pagbawi at paglakas ng Rusya at Tsina bilang mga imperyalistang kapangyarihan bunga ng kapitalistang panunumbalik mula sa sosyalistang kaayusan ay nahamon ang hegemonya ng imperyalistang US. Nagdulot ito ng higit na pagbilis at pagsidhi ng krisis ng kapitalismo sa daigdig sa pamamagitan ng pagputok ng mga “bula” sa iba-ibang larangan ng ekonomiya. Humantong ito sa paglaganap epekto sa buong daigdig ng malalang anyo ng krisis sa pinansya ng US noong 2007 hanggang 2008. Tuluy-tuloy na nagatungan ang krisis ng labis na produksyon at papaliit ng tantos ng tubo na humahantong sa matagalang depresyon, implasyon, kawalang-hanapbuhay at papalalalang kahirapan ng mamamayan ng daigdig.

Sa kasalukuyan, umiiral ang multi-polar na kapangyarihan sa paninindigan ng Rusya at Tsina laban sa solong superpower na US at tinutunggali ito maging sa larangan ng industriya ng langis na may estratehikong halaga sa pagpanatili ng hegemonya ng US. Dahil dito, walang lubay ang imperyalistang US at mga kaalyadong bansa tulad ng Saudi Arabia sa sobrang produksyon ng langis at panggigipit sa ibang mga bansang mayroong produksyon nito tulad ng Venezuela at Iran. Desperado ang US na bawasan ang produksyon ng ibang bansa at agawin ang pamilihang hawak ng mga ito. Dulot nito, tumaas hanggang $78 ang kada bariles ng krudo noong ikalawang hati ng 2018 mula sa $66 kada bariles na presyo nito sa simula ng naturang taon.

Ang Sanhi ng Pagtaas ng Presyo ng Langis sa Pandaigdigang Pamilihan

Ang presyo ng langis ay kinukontrol ng sabwatan ng kartel sa langis, mga institusyong pampinansya at ng *US military-industrial complex*. Dahil may labis na produksyon ang US ng langis, gumagawa sila ng paraan upang palabasing malaki ang pandaigdigang pangangailangan para rito habang mababa ang kabuuhang suplay at kung gayon ay dapat pataasin ang presyo nito. Sa pamamagitan ng ispekulasyon sa pinansya at pamilihan at pagtataguyod ng mga gerang mapanalakay, malayang namamanipula ng kartel sa langis at imperyalistang US ang balanse ng suplay at demand sa langis.

Sinasabi ng mga TNCs na kapos ang produksyon ng langis at apektado ng mga armadong sigalot sa Gitnang Silangang Asya (Syria, Yemen, Afghanistan) at Latin America (Venezuela) ang mga *oil fields*. Sinasabi rin nilang sagad na ang kapasidad ng mga *oil refineries.* Gayundin, idinadahilan nila ang industriyalisasyon at mataas na konsumo ng mga bansang tulad ng Tsina at India sa pagtaas ng pandaigdigang pangangailangan sa langis. Pero ang totoo, 81.9 milyong bariles kada araw ang pandaigdigang pangangailangan sa langis habang 84.6 milyong bariles ang nalilikhang langis kada araw.

Ginagamit din nila ang teorya ng *peak oil* o ang pinakamataas na hangganan ng produksyon ng langis upang lumikha ng banta sa suplay at ibayo pang pataasin ang demand para rito. Sa aktwal, kahit walang madiskubreng bagong pagkukunan ng reserbang langis ay mayroong humigit-kumulang 1.3 trilyon bariles ng langis na maaaring makasapat sa pangangailangan ng daigdig sa loob ng lampas apat na dekada.

Pagdating sa lokal na pamilihan, ipinapataw ng mga kumpanya sa langis ang *transfer pricing* o ang pagpepresyo nang higit na mataas kaysa sa takdang presyo nito sa pandaigdigang pamilihan. Karaniwang $3 kada bariles ang patong na presyo ng mga kumpanya sa langis sa inaangkat nilang produkto. Ang ganitong sistema ay pinadudulas ng deregulasyon ng mga lokal na industriya ng langis. Sa bisa ng deregulasyon, malaya ang mga pribadong kumpanya at kartel sa langis na idikta ang bolyum ng suplay ng langis na iaangkat at iiimbak gayundin ang distribusyon at presyo nito sa lokal na pamilihan.

Ang Dereguladong Industriya ng Langis sa Pilipinas

Deregulado kung kaya't wala sa kamay ng gubyerno ang kontrol sa industriya ng langis sa bansa. Itinatakda ng kartel sa langis ang suplay, importasyon, distribusyon at presyo nito sa lokal na pamilihan. Monopolisado ng tatlong dambuhalang kumpanya sa langis ang buong industriya nito sa bansa. Lampas 90% ng pamilihan sa produktong petrolyo ang kinukontrol ng Petron, Shell at Caltex. Ang tatlo ay mga subsidyaryo ng mga TNCs na bumubuo sa internasyunal na kartel na kumukontrol sa pandaigdigang industriya sa langis.

Lalo pang naging mahigpit ang kontrol ng kartel sa langis nang ipatupad ng reaksyunaryong gubyerno ang ganap na deregulasyon at liberalisasyon ng industriya ng langis sa ilalim ng Oil Deregulation Act ng 1995.

Sa pamamagitan nito, absolutong binitiwan ng gubyerno ang lahat ng kapangyarihan nitong kontrolin ang pag-aangkat at pagbabago ng presyo ng langis sa loob ng bansa.

Higit na naging mainam ang kundisyon para sa mga kartel na makapagkamal ng supertubo. Kahit na pinapahintulutan nito ang gubyernong magpataw ng taripa sa pag-aangkat ng langis, maaari namang babaan ang halaga ng sisingiling taripa batay sa pagsusuri ng papet na pangulo. Mayroon pa ngang pagkakataon noong rehimeng US-Estrada na hindi na naningil ng taripa sa pag-aangkat ng langis. Isa pa, sa pamamagitan ng *transfer pricing* ay madaling ipinapasa ng mga lokal na subsidyaryo ang halaga ng taripa sa presyong babayaran ng konsumer.

Dahil sa sobra at patung-patong na pagpepresyo ng kartel sa langis na pinahihintulutan ng dereguladong industriya nito sa bansa, umabot sa P6.7 bilyon ang pinagsamang tubo ng tatlong dambuhalang kumpanya sa langis noong 2000. Dagdag pa ang humigit-kumulang P26 bilyong naibubulsa nila dulot ng pagpapatong ng presyo sa produktong petrolyo at *transfer pricing*.[4]

Talahanayan 4. Sobrang Pagpresyo at Supertubo ng Kartel sa Langis sa Pilipinas

PARTE NG BAWAT KUMPANYA SA SOBRANG PAGPEPRESYO (sa piso)			
KUMPANYA	Enero-Disyembre 2000	Abereyds araw-araw	Abereyds
Petron	2,419,909,149	6,629,888.08	276,245.34
Shell	2,345,346,122	6,425,605.81	267,733.58
Caltex	1,416,697,413	3,881,363.05	161,723.46
Iba pa	596,504,216	1,634,258.13	68,094.09
KABUUAN	6,778,457,000	18,571,115.07	773,796.46

Mula sa IBON batay sa datos ng DOE at BSP

Samantala, pinasan ng mamamayan ang higit na madalas at matataas na pagsirit ng presyo ng langis. Mula 1996 hanggang 2010, matapos ipatupad ang deregulasyon sa industriya ng langis, ang abereyds na taunang pagtaas ng presyo ng langis ay pumalo sa 16% mula sa dating 8.6% taunang abereyds.

Ibayo pang pinalala ng rehimeng US-Duterte ang pagsirit ng presyo ng langis. Bilang masugid na alagad ng imperyalistang US, ipinatupad niya ang mga neoliberal na patakarang higit pang nagpahirap sa mamamayang Pilipino. Sa pagpapatupad ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law, ipinataw ang karagdagang singil sa excise tax sa langis[5]. Labas pa ito sa dati nang ng 12% value-added tax (VAT) sa mga produktong petrolyo. Dahil sa excise tax, naitala ngayong taon ang P3.5 dagdag-buwis sa langis na papasanin ng masa labas pa sa pagtaas ng presyo ng langis dulot ng manipulasyon ng mga kartel sa pandaigdigang merkado. Ang dagdag na buwis sa langis dahil sa TRAIN Law ang responsable sa 25% ng kabuuhang dagdag-presyo ng mga produktong petrolyo.

Talahanayan 5. Dagdag Buwis sa mga Produktong Petrolyo sa ilalim ng TRAIN Law

PRODUKTO	Dating tax	2018	2019	2020
Diesel per L	0	2.50	4.50	6.00
Kerosene per L	0	3.00		
Gasoline (unleaded) per L	4.35	7.00	9.00	10.00
Jet Fuel per L	3.67	4.00	4.00	4.00
LPG per kg	0	1.00	2.00	3.00

Datos mula sa Senate Committee on Ways and Means

Ngayong unang kwarto pa lamang ng taon, binabalikat ng masa ang dagdag P4.55 sa presyo ng bawat litro para sa diesel at P4.65 kada litro dagdag presyo para naman sa gasolina. Sa unang taon ng pagpapatupad ng TRAIN Law, tumaas ang presyo ng langis nang aabot sa 20 beses.

Infographics 2. Oil Price Hike sa Pilipinas

Dahil batayang pangangailangan sa produksyon ang langis, apektado ang lahat ng sektor ng lipunan sa epekto ng pagtaas ng presyo nito. Madaragdagan ng P2940 ang gastos sa produksyon ng isang magsasaka sa isang anihan dahil sa ipinataw na dagdag buwis sa petrolyo. Sa pag-aaral naman ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA), kumukonsumo ng limang litrong diesel ang kada palaot ng isang mangingisda. Sa pagtaas ng presyo ng langis, madaragdagan ng P22.75 kada araw o P455 kada buwan ang gastos sa produksyon ng isang mangingisda. Ibayong linulumpo ng pagtaas ng presyo ng langis ang dati nang mabuway na lokal na produksyon.

Hindi rin ligtas ang iba pang konsyumer sa pagtaas ng presyo ng langis. Nakaangkla ang pagtataas ng presyo ng mga bilihin at mga bayarin sa pampublikong yutilidad tulad ng kuryente sa pagtataas ng presyo ng langis. Ginagawa rin itong sangkalan ng iba't ibang kartel ng produkto, tulad ng kartel sa bigas, upang lumikha ng artipisyal na krisis. Sa unang taong ipinataw ang excise tax sa langis sa bisa ng TRAIN Law, naitala ang 10.1% na tantos ng implasyon sa rehiyong Bikol, pinakamataas sa buong bansa.

Ang Paglaban ng Mamamayan sa Pagtaas ng Presyo ng Langis

Itinutulak ng pang-ekonomyang krisis na dulot ng tuluy-tuloy na pagtaas na presyo ng langis ang mamamayan na palawakin at palakasin ang anti-imperyalistang paglaban at itutok ang organisadong lakas sa pangunahing tagapagpatupad ng neoliberalismo sa bansa – ang rehimeng US-Duterte. Labis-labis na ang kahirapang dinaranas ng malawak na hanay ng mamamayan. Dapat papanagutin ang rehimen sa TRAIN Law, pagsirit ng presyo ng langis at iba pang neoliberal na patakarang nagbubukas sa ibayong pandarambong ng imperyalistang US.

Dapat kagyat maorganisa ang masa bilang nagkakaisang lakas na magdadala ng kampanya sa langis at mag-uugnay dito sa iba pang mapagsamantalang patakarang ipinapatupad ng rehimeng US-Duterte. Dapat maging matatag ang kilusang masa sa harap ng tumitinding pasismo at terorismo ng reaksyunaryong estado na naglalayong supilin ang kanilang paglaban. Sa gayon, dapat ibayong magsikhay at maging mapangahas ang rebolusyonaryong kilusan sa pagmulat, pag-organisa at pagpapakilos sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan.

Dapat maging malikhain at mapangahas sa pag-oorganisa at pagpapakilos ng lahat ng sektor ng lipunan upang pabagsakin ang rehimeng US-Duterte – sa pamamagitan ng tigil-pasada ng mga drayber ng dyip, welga ng mga manggagawa, bungkalan ng mga magsasaka sa kanayunan at mga pambansa't lokal na kilusang protesta. Maglunsad ng malalaking mobilisasyong tutungo sa pagdaluyong ng malawak na kilusang pagpapatalsik na maaaring ihalintulad, o higit pa, sa Kilusang EDSA. Sa pamamagitan ng isyu ng langis ay napapaunlad ang anti-imperyalistang kamulatan ng masa at nasusuhayan ang makabayan at anti-imperyalistang alyansa at pakikibaka. Ang mga mapapakilos dito ang magsisilbing balon ng rekrutment para sa pagpapalawak ng lihim na rebolusyonaryong kilusan.

Kasabay nito, dapat itambol ang programa ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) para sa pambansang industriyalisasyon kabilang na ang nasyunalisasyon ng industriya ng langis. Dapat masabayan ito ng

masikhay na pagpapalaganap ng propaganda na mayroong partikular na datos at pag-aaral hinggil sa mga pangunahing katangian ng imperyalismo at kongkretong manipestasyon nito sa bansa.

Dapat palakasin ang rebolusyong agraryo at itayo ang higit pang marami at malalaking samahang masa sa kanayunan. Gabayan ang pagtatayo ng mga kooperatiba upang lubos na magagap ng masa ang kakayahang maipagtagumpay ang rebolusyon sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at matamo ang mga pundasyon ng isang ekonomyang nakaasa-sa-sarili.

Talasalitaan:

a. *US military-industrial complex*
b. Spekulasyon sa pinansya

Sanggunian:

1. (2018). *TRAIN revenue and inflation update.* Department of Finance.
2. (2018). *Instances of United States Armed Forces Abroad, 1798-2018.* Congressional Research Service Report.
3. Gokay, B. (2018). *The Beginning of the End of the Petrodollar: What Connects Iraq to Iran.* Keele University, School of Politics, International Relations and Philosophy.
4. Greenberg, M. (2016). *Oil Price Volatility: Causes, Effects and Policy Implications.* Center for Geoeconomic Studies.
5. Smith-Nonini, S. (2016). *The Role of Corporate Oil and Energy Debt in Creating the Neoliberal Era.* University of North Carolina.
6. Van der Veen, M. (2009). *A Primer on Supply and Demand of Oil*
7. Ebghaei, F. (2007). *OPEC and Its Role in Regulating Price of Petroleum.* Hacettepe University, Department of Economics.
8. Albo, G. (2006). *The Unexpected Revolution: Venezuela Confronts Neoliberalism.* York University, Department of Political Science.
9. IBON Foundation. (2005). *Regulation: An Urgent, Doable Response to High Oil Prices.*
10. CPP Information Bureau. (2002). *Monopolyo atbp.: Ang katotohanan sa likod ng walang tigil na pagtaas ng presyo ng langis*
11. Sison, J.M. (1999). *Ang Pakikibakang Mamamayan Laban sa Digma.*
12. CPP. *Gera ang Kahulugan ng Imperyalismo.*
13. *Petroleum.* Encyclopaedia Britannica Article.
14. *Iranian Revolution of 1978-1979.* Encyclopaedia Britannica Article.
15. *IBON Criticque on TRAIN.* Powerpoint Presentation.



Datos mula sa Department of Finance at Department of Energy



Datos mula sa Department of Finance at Department of Energy



Datos mula sa Department of Finance at Department of Energy



Datos mula sa Department of Finance at Department of Energy